Abril 18 2025:

Minamahal na Miyembro ng Komunidad:

Ipinapaalam ng sulat na ito sa iyo na nakatira ka sa isang lugar na posibleng mayroong mataas na mga panganib sa kalusugan na gawa ng mga nakakalason na emisyon sa hangin mula sa sumusunod na pasilidad. Ipinapakita ng nakalakip na mapa ang lugar ng may mataas na mga panganib sa kalusugan sa paligid ng pasilidad na ito.

Pangalan ng Pasilidad: Naval Base San Diego (NBSD)
Address: 3455 Senn Road, San Diego, CA 92136
Uri ng Negosyo: Instalasyon ng Militar

Pinoprotektahan[1] ng batas ng estado ang iyong karapatang malaman ang tungkol sa mga posibleng panganib sa kalusugan mula sa mga nakapirming pinagmumulan[2] ng polusyon sa hangin sa iyong lugar sa pamamagitan ng paghiling sa mga pasilidad na gumagawa ng mataas na mga panganib sa kalusugan na abisuhan ka. Ang San Diego County Air Pollution Control District (SDAPCD) ay responsable para sa paghiling ng mga abiso sa publiko at pagbawas ng pangani mula sa mga nasabing pasilidad ayon sa SDAPCD Rule 1210[3].

Humiling ang SDAPCD ng pag-assess sa panganib sa kalusugan mula sa Naval Base San Diego (NBSD) batay sa kanilang mga emisyon ng lason sa hangin[4] mula noong 2021. Ipinapakita ng pag-assess sa panganib sa kalusugan na iyon na, noong 2021, naglabas ang NBSD ng mga emisyon na nakakalason sa hangin, pangunahin dito ang nickel mula sa abrasive blasting, na maaaring gumawa ng hindi magandang mga epekto sa kalusugan. Partikular na ipinapakita ng Pag-assess sa Panganib sa Kalusugan ang *Maximum Residential Acute Health Hazard Index* para sa kanilang mga emisyon noong 2021 ay 2.94. Ang index ng panganib na mataas sa isa ay nagsasaad ng potensyal para sa ilang indibiduwal na posibleng makaranas ng mga hindi magandang epekto sa kalusugan, kung saan ang HHI na

---

[1] *Impormasyon ng "Mga Hot Spot" ng Mga Nakakalason sa Hangin at Batas sa Pag-assess ng 1987, seksyon 44360, ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan et seq.*
[2] *Kasama sa mga nakapirming pinagmumulan ang mga pabrika o mga manufacturing plant, power plant, shipyard, landfill, mga planta ng bato o aspalto at iba pang mga pang-industriyal, komersyal at pampamahalaang mga pagpapatakbo na maaaring maglabas ng polusyon sa hangin*
[3] *https://bit.ly/Rule1210*
[4] *Ang mga emisyon ng lason sa hangin ng pasilidad na ginamit sa pag-assess ng panganib ay mga pagtantiya, na kinalkula gamit ang SDAPCD at mga paraan na aprubado ng estado. Para sa higit pang impormasyon sa mga kalkulasyon ng emisyon at pamamaraan ng pag-assess sa panganib, tingnan ang nakalakip na dokumento ng mga impormasyon ng programa sa mga lason sa hangin.*

10124 Old Grove Rd. San Diego California 92131-1649
(858) 586-2600 Fax (858) 586-2601
www.sdapcd.org

mababa sa isa ay nangangahulugan na hindi posible ang mga hindi magandang epekto sa kalusugan mula sa mga emisyon ng lason sa hangin ng pasilidad[5].

Hinihiling ng SDAPCD Rule 1210 sa pasilidad na ito na magsumite ng audit at plano para bawasan ang panganib sa SDAPCD ng hanggang Hulyo 1, 2025. Maaari kang manatiling updated tungkol sa kanilang plano sa pamamagitan ng pag-subscribe sa SDAPCD GovDelivery sa pamamagitan ng sumusunod na link: https://bit.ly/SDAPCD-Updates at pag-click sa Air Pollution Control District News list.

Mangyaring samahan kami sa isang pampublikong pagpupulong na matatagpuan sa sumusunod na oras at lokasyon kung mayroon kang anumang mga tanong o alalahanin:

Oras ng Pagpupulong: 5:00 PM -7:00 PM Miyerkules Mayo 7, 2025
Lokasyon ng Pagpupulong: Anchors Conference Center
2375 Recreation Way
San Diego, CA 92136

Sa pagpupulong na ito, ang SDAPCD at mga kinatawan mula sa NBSD ay magkakaroon ng maikling mga presentasyon tungkol sa pag-assess sa panganib at available sila para sagutin ang mga tanong. Maaari ka ring makipag-ugnayan sa pasilidad sa pamamagitan ng pagkontak sa NBSD Public Affairs Officer (PAO) sa NBSD.PAO@us.navy.mil o (619) 556-7359. Ang nakalakip na dokumento ng mga impormasyon ay mayroong karagdagang impormasyon. Kung mayroon kang anumang mga tanong, mangyaring ipadala sa amin ang nakalakip na survey o kontakin kami sa APCDEngineering@sdapcd.org o sa (858) 586-2600.

Taos-puso,



PAULA FORBIS
Air Pollution Control Officer

---

[5] *Ang index sa panganib sa kalusugan na hindi kanser ay kinakalkula sa pamamagitan ng paghahati ng tinatantiyang dami ng mga emisyon sa hangin na inilabas mula sa pasilidad ng dami na hindi inaasahang magdulot ng anumang isyu sa kalusugan*